

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 2 Blg. 9

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Setyembre 2014



Si Mang Domeng ng Palayan City, kasama ang kanyang mga gatasang kalabaw na inaalagaan at pinagkakakitaan.

Driver at delivery man ng gatas, nakahanap ng asenso sa sariling mga gatasang-kalabaw

Ni Almira P. Bentadan

Mula sa kinatatayuan ni Domingo “Domeng” Martinez sa mataas na bahagi ng burol, tanaw niya ang ilang mga kalabaw na nanginginain sa damuhang bumabalot sa burol na tila ba isang malaking kumot. Sa bandang kaliwa naman, nangaglulunoy sa maliit na lawa ang ilan pang mga kalabaw.

Katapat ng lawa ang kasalukuyang bakanteng kural ng mga kalabaw.

Kongkreto ito, medyo may kalakihan at maaaring kumasya ang halos 15 kalabaw. Ilang metro mula rito ay makikita ang dalawang magkatabing bahay na nakaharap sa isa pa. Isa rito ang tahanan ni Mang Domeng at ng kanyang pamilya.

Sa harap ng sementadong bahay, may nakaparadang isang motorsiklo at isang tricycle na walang bubong.

Para kay Mang Domeng, hindi na rin biro ang narating niya mula nang

lumipat siya sa bahaging iyon ng Palayan City, pitong taon na ang nakararaan.

“Bago ako pumunta dito sa lugar na ito, dati akong katulong sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw sa Talavera,” pagkukuwento ni Mang Domeng. “Naging driver din ako sa NEFEDCCO at taga-deliver ng gatas sa Bulacan,” dagdag pa niya.

Ang NEFEDCCO o Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives ay kalipunan ng mga

kooperatiba ng mga magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija na siyang nagpoproseso at nagbebenta ng mga gatas ng kalabaw.

“Napahiraman kami ng kapatid ko, na kasama ko rin sa trabaho, ng tig-iisang bulo,” wika ni Mang Domeng. “Iyong bulong iyon ang naging simula ng negosyo ko sa pag-aalaga ng kalabaw,” dagdag niya.

Noong nagde-deliver pa siya ng

(Sundan sa p.3)

Mga magsasaka-katiwala, dumalo sa seminar ukol sa family planning

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Apatnapung mga magsasaka-katiwala na mula sa apat na kooperatiba sa National Impact Zone (NIZ) ng Philippine Carabao Center (PCC) ang lumahok sa seminar ukol sa “health, nutrition improvement and family planning” na ginanap sa PCC National Headquarters sa Science City of Muñoz nitong nakaraang Setyembre 1.

Inorganisa ng grupo ng carabao-based enterprise development (CBED) operations ng PCC, isinagawa ang seminar bilang bahagi ng gawain sa

programa ng gobyerno na itinataguyod ng PCC ukol sa *Gender and Development (GAD)*. Naging katuwang ang *Provincial Health and Education Promotion Office (PHEPO)* ng Nueva Ecija sa pagsasagawa ng seminar.

Sa mga dumalo sa seminar, 20 ang galing sa Nag-iisang Masikap Multi-Purpose Cooperative (NMMPC) sa General Natividad, 10 sa Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC) sa Science City of Muñoz, anim sa Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC), at apat sa Simula ng Panibagong Bukas Producers

Cooperative sa San Jose City.

Ayon kay Ericson Dela Cruz, training at extension national coordinator ng PCC, ang seminar ay isinagawa para mapataas ang antas ng kaalaman ng mga magsasaka-katiwala sa kahalagahan ng kalusugan, nutrisyon at ng pagpapalano ng pamilya.

Nilayon din ng seminar, dugtong ni dela Cruz, na makapagtamo ang mga lumahok ng kamalayan at kaalaman sa kapakinabangan at kagandahan ng naipalang pamilya.

(Sundan sa p.3)



Sa loob...

EPMPC, tumanggap ng Php100,000 ayuda para sa milk processing plant nito...

p.2

Kumikitang kabuhayan sa gatas ng kalabaw...

p.2

Isang paanyaya...

p.3

EPMPC tumanggap ng Php100,000 ayuda para sa *milk processing plant* nito

Ni Almira P. Bentadan



Ang mga miyembro ng EPMPC, kasama ang kawani ng DAR, habang masayang ipinakikita ang natanggap na tseke na gagamitin nila sa pagsasaayos ng kanilang *milk processing plant facility*.

Nakatakdang ipaayos ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) ang *milk processing plant* nito matapos itong makatanggap ng pondong nagkakahalaga ng Php100,000 mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) sa pamamagitan ng Program Beneficiaries Development (PBD) nito.

Ang pondo ay pormal na ipinagkaloob ng DAR sa kooperatiba sa pamamagitan ng seremonya ng *turn-over* at pagpirma sa Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng EPMPC, DAR at ng iba pang ahensiya na bahagi ng proyekto, tulad ng Philippine Carabao Center (PCC), Department of Trade and Industry (DTI), at ng lokal na gobyerno ng lunsod ng San Jose nitong Setyembre 3.

Ang EPMPC na nasa Sibut, San Jose City, Nueva Ecija ay mayroon nang maliit na *milk processing facility* at mayroon na ring nabuong *market* para sa iba't ibang produkto nitong gawa sa gatas.

Ayon kay Jocelyn Ramones, Provincial Agrarian Reform Officer I ng DAR sa Nueva Ecija, ang EPMPC ay isa sa tatlong napiling benepisyaryo ng PBD sa Central Luzon matapos makapasa sa mga *requirements* para sa proyekto, tulad ng pagkakaroon ng operasyonal na *processing facility*.

“Nakita namin na maganda at magaling ang pamamalakad sa EPMPC kaya’t napabilang sila sa nabigyan ng pondo,” wika ni Ramones.

Ang pondo ay gagamitin sa pagpapayos sa *processing center* ng kooperatiba, lalo na ang gamit sa pagpoprodyus ng *flavored caramilk*,

alinsunod sa panuntunang itinakda ng Bureau of Food and Drugs (BFAD).

Sa pamamagitan nito, makakukuha ng *License to Operate* ang EPMPC mula sa BFAD. Makatutulong ito upang lalo pang mapalawak ng kooperatiba ang *market* nito at maabot ang mga *institutional buyers*.

Ayon sa kasunduan, tutulong ang DTI sa pagsasagawa ng mga pagsasanay ukol sa pangangasiwa at pagbebenta at pagpapabuti ng produkto. Tutulong din ang DTI sa paghahanda ng mga dokumento na kakailanganin sa pagkuha ng lisensiya mula sa BFAD.

Sa kabilang banda, patuloy namang magbibigay ng tulong teknikal ang PCC sa produksiyon at pangangasiwa ng mga kalabaw upang masiguro ang tuluy-tuloy na pagdaloy ng gatas mula sa mga alagang kalabaw ng mga kasapi ng kooperatiba.

Ang lokal na gobyerno naman ng lunsod ng San Jose ang magmomonitor sa progreso ng pag-aayos ng pasilidad. Magbibigay din ito ng karagdagang pondo upang matapos ang proyekto.

Ipinabot ni Melchor Correa, kasalukuyang pinuno ng EPMPC, ang kanyang pasasalamat sa mga ahensiyang nagtiwala sa kakayahan ng kanilang kooperatiba.

“Sadyang napakapalad namin na makatanggap ng pondong ito. Ipinangangako po namin na gagamitin namin ang pondo para sa ikabubuti ng aming kooperatiba,” pahayag ni Correa sa ginanap na seremonya.

Maliban kina Ramones at Correa, dumalo rin sa seremonya sina Konsehal Jenny Salvador mula sa Sangguniang Lunsod ng San Jose; Ming Ocampo, *training coordinator* ng DAR; Mario Delizo, Project Development Officer II ng PCC; Elagio Duran, hepe ng Business Management Division ng DTI; at mga kasapi ng EPMPC.

Kumikitang kabuhayan Gabay sa paggawa ng *choco milk*

Mga Sangkap at Kagamitan

2 ½ litro gatas ng kalabaw
½ kilo *skim milk powder*
¾ kilo asukal na puti
5-6 litro tubig
1 tasa ng *cocoa powder*
(Goya, Ricoa o Hershey)


Lutuag Gasul
Kaserola (15 L *capacity*)
Sandok na kahoy
Thermometer (maaaring wala)
50 piraso *plastic bag*

Paraan ng pagluluto

1. Pagsama-samahin ang mga tuyong sangkap (*cocoa*, asukal na puti at *skim milk powder*). Lagyan ng katamtamang dami ng tubig. Haluin hanggang matunaw ang lahat ng mga sangkap.




2. Idagdag ang gatas at ang natirang tubig



3. Lutuin sa temperaturang 80°C hanggang 85°C (may makikitang singaw, may manipis na parang *cellophane* at maraming bula sa ibabaw) at hayaan sa ganitong temperatura ng 5 minuto. Palaging haluin upang hindi masunog ang *choco milk* at para na rin mapabilis ang pagluluto.



4. Palamigin agad ang *choco milk*. Ilagay ang kaserola ng *choco milk* sa mas malaking palangganang may malamig na tubig. Haluin ang *choco-milk* upang mapabilis ang paglamig. Palitan ang tubig sa palanggana ng malamig na tubig. Ulitin ang prosesong ito hanggang hindi na umiinit ang tubig sa palanggana.



5. Isalin ang *choco-milk* sa *plastic bag* at i-seal.



6. Limbak ang *choco-milk* sa *refrigerator* o sa *ice box* na may yelo.





Si Mang Domeng habang isinasalin sa refrigerator ang mga gatas na naani niya sa kanyang mga alagang kalabaw upang palamigin.

Driver at delivery man ng gatas... (mula sa p.1)

gatas, nakita niya kung gaano kalaki ang kita sa paggagatasan. At napatunayan nga niya ito nang magsimula na siyang mag-alaga ng gatasang kalabaw.

“Nakita kong makatutulong sa akin ang pag-aalaga ng kalabaw sa pamamagitan ng gatas nito. Kaya nang makaipon ako,, bumili ako ng bulo para madagdagan pa ang aking mga alaga,” saad ni Mang Domeng.

Nang umabot sa lima ang kanyang mga gatasang kalabaw, naisip niyang sumunod sa kanyang ama sa Palayan City na kung saan maluwang ang lupa at sagana sa damo.

Kasama niya ang kanyang pamilya at ang kapatid na si Florante na may sarili na ring mga kalabaw noon.

Sa bagong lugar, pinarami niya ang kanyang mga alaga. Ang mga anak na babaeng kalabaw ay iniiwan niya upang pandagdag sa mga alaga. Ang mga lalake naman ay kanyang ibinebenta.

Sa kalaunan, itinuloy din niya ang pagde-deliver ng gatas sa Ocampo's Sweets na isang establisyemento sa San Miguel, Bulacan. Ang Ocampo's sweets ay gumagawa ng iba't-ibang produkto mula sa gatas ng kalabaw. Nguni't kaiba sa nauna, sarili na niyang aning gatas ang kanyang dinadala doon.

Mula sa walong gatasang kalabaw, nakakukuha siya ng halos 80 litrong gatas sa isang araw. Dahil nasa 150-200 na litro

ang kailangan ng Ocampo's Sweets, nagsimula na rin siyang mangolekta ng gatas sa kapwa niya maggagatas sa ilang lugar sa mga lunsod ng Cabanatuan at Palayan.

“Tuwing ika-apat ng umaga, nagsisimula na akong mangolekta ng gatas. Binibili ko sa mga maggagatas ng Php35 kada litro at ibinebenta ko naman ito ng Php45-48 kada litro,” pahayag ni Mang Domeng. “Lingguhan ang bayad ko sa nakokolekta kong gatas,” dagdag niya.

Nasa 25 maggagatas ang kliyente ni Mang Domeng.

Upang masiguro ang magandang kalidad ng gatas, inilalagay niya sa Styrofoam box na may sapat na yelo ang mga kinokolektang gatas. Dahil marunong na rin siyang sumuri sa kalidad ng gatas, inihihwalay agad niya ang mga gatas na sa tingin niya ay mababa na ang kalidad.

Inilalagay niya ang mga nakolektang gatas sa freezer nila sa bahay hanggang sa handa na itong i-deliver kinabukasan ng madaling araw.

Umaabot sa mahigit Php50,000 ang pinagsamang kita niya mula sa sarili niyang gatas at sa pagbebenta ng gatas ng ibang magsasaka kada buwan. Mula sa kitang ito, nakapagpundar siya ng ilang mga ari-arian.

“Dati ay isang maliit na kubo lamang na gawa sa nipa ang bahay namin. Ngayon, nakapagpatayo na ako ng sementadong bahay,” masayang saad ni Mang Domeng.

Nakabili na rin siya ng dalawang lupang patayuan ng bahay, mga motorsiklo na ginagamit niya sa pangongolekta at pagde-deliver ng gatas, at ng owner-type jeepney na ginagamit niyang pansakate.

“Sa paggagatasan, di lang sapat ang kita para sa pangangailangan ng pamilya, may sobra pa,” natutuwang pahayag ni Mang Domeng.

Nahikayat na rin niya ang sariling ama na mag-alaga ng kalabaw. Ang dalawa pa niyang kapatid ay may sarili na ring mga alagang gatasang-kalabaw.

Nitong nakaraang taon, nagdesisyon si Mang Domeng na tumigil sa pangongolekta at pagde-deliver ng gatas. Sa halip, kumuha siya ng dalawang drayber na kanyang sinusweldohan. Itinuon na niya ang panahon sa pag-aalaga ng kalabaw kasama ang dalawa pa niyang tauhan.

Ayon kay Mang Domeng, mga kamag-anak din niya ang kinuha niyang katrabaho upang makatulong siya sa mga ito.

“Habambuhay ko na itong negosyo at sana manahin ng mga anak ko ito lalo na ‘yong pangalawa ko na talagang mahilig sa kalabaw,” wika ni Mang Domeng.

Para sa mga katulong sa pag-aalaga ng kalabaw ng ibang maggagatas na gustong sumunod sa kanyang yapak, isang mensahe ang iniwan niya.

“Sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, magsipag lang kayo at gaganda rin ang buhay ninyo ... katulad ko.”



Isang paanyaya...

Sa aming kasanggang mga magsasakang-maggagatas: Kayo po ay aming inaanyayahan na magbahagi ng inyong mga komento tungkol sa nababasa ninyo sa babasahing ito o kaya'y magtanong ukol sa pag-aalaga ng kalabaw.

Maaari rin po kayong magbigay ng suhestiyon ukol sa mga impormasyong nais ninyong mabasa o mapag-alaman ukol sa pag-aalaga ng kalabaw.

Kontakin kami sa aming mobile number na 0917-564-6969 o telephone number na 044-456-0731 (loc) 479, o mag-email sa aming email address na ilivestockbiotech@gmail.com.

Mga magsasaka... (mula sa p.1)

Sa kanyang pambungad na pananalita, sinabi ni Dr. Arnel Del Barrio, acting executive director ng PCC, na buo ang suporta ng PCC na tugunan ang iba't-ibang concern o problemang may kinalaman sa kabuhayang-salig-sa-kalabaw.

Sina Jessica Supan, isang nurse, at Iluminada Pascua, isang nutritionist, parehong mula sa PHEPHO, ang nagsilbing tagapagsalita sa mga paksang sakop ang iba't-ibang aspeto ng pagplaplan ng pamilya, nutrisyon at kalusugan.

Nagkaroon din ng open forum pagkatapos ng ibinigay na mga lektur.

“Pinahiram natin sila ng kalabaw para makatulong sa kabuhayan nila, pero hindi sila aasenso kung dagdag sila nang dagdag ng miyembro ng pamilya. Itinuro ng seminar ang family planning para makatulong sa pagtiyak sa kinabukasan ng pamilya nila,” paliwanag ni Carlo Tienzo, enterprise development specialist ng PCC.

Sinabi rin niya na kasama sa pagpaplan ng pamilya ang magandang kalusugan at nutrisyon kung kaya't hindi lang dapat ang mga kalabaw ang malulusog. Dapat din, anya, na ang mga magsasakang-maggagatas ay maging malalakas din at malulusog ang pangangatawan.

“Nang dahil sa seminar na dinaluhan namin, mas napayaman pa ang kaalaman namin sa pagplaplan ng pamilya. Siguradong ibabahagi namin ito sa mga kabarangay namin lalo na sa mga kapwa namin kababaihan,” ani Carmelita Evangelista, isa sa mga kalahok mula sa CAMPCI.

Laki ng tulong na hatid ng gatasang kalabaw, ipinamarali ng isang magsasakang-maggagatas

Ni Chrissalyn L. Marcelo

“Mapalad ako dahil nabigyan ako ng alagaing kalabaw ng PCC. Ngayon, nakatutulong na ito ng malaki sa aking pamilya.”

Ito ang masayang pamamarali ni Jeffrey Salvador, 36, ng Guiset, Guimba, Nueva Ecija, na nagsabing kumikita siya ng husto mula sa gatas ng kanyang alagang kalabaw.

Ayon sa kanya, kahit baguhan pa lang siya sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, natutustusan na niya ang pangangailangan ng pamilya at nakapagpandar pa siya ng gamit.

“Nakabili na ako ng motorsiklo at kapag nangailangan ng pera ang kapwa ko magsasaka o kaibigan ay may napauutang pa ako,” pahayag ni Salvador.

Pagsapi sa kooperatiba

Noon, sa pagpapalayan maliit na lupang minana sa magulang, maliit lang ang kanyang kita. Bagama't nakatapos siya ng kursong bokasyunal na *auto electricity* at *auto diesel course*, pagsasaka ang karaniwan niyang naging gawain.

Kamakailan lang din nang siya ay makapag-asawa at mabiyayaan ng dalawang anak. Ang kanyang mga anak ay kapwa ngayon nasa elementarya.

“Isa ang pag-aalaga ng kalabaw sa naisip kong pagkakitaan dahil aking nabalitaan noon na nagpapahiram ng gatasang kalabaw ang PCC,” ani Salvador.

Pinagsikapan niyang sumapi siya sa Guiset Dairy Producers Cooperative (GDPC), isa sa mga kooperatiba sa kanilang lugar.

Ito’y nang taong 2012.

“Isa sa 24 na kalabaw na naipahiram sa aming kooperatiba ng PCC ang



Si Jeffrey Salvador ng Guimba, Nueva Ecija, habang pinakakain ang kanyang mga alagang kalabaw.

napunta sa akin at ito ay buntis pa,” masayang sabi ni Salvador. “Nang manganak ito, agad kong naramdaman ang benepisyong dulot nito,” dagdag niya.

Kita sa gatas

“Sinunod kong mabuti ang lahat ng turo ng PCC lalo na sa wastong paggagatas para hindi ma-reject ang mga naaani kong gatas,” ani Salvador. “Dalawang beses din akong gumatas

kaya naman umaabot sa hanggang 12 litro ng gatas ang nakukuha ko.”

Ani Salvador, mula sa aning gatas ay kumita siya Php600 kada araw.

“Masasabi kong malaking kita na ito para sa aking pamilya,” anya. “Nagawa ko pang makapag-impok,” dagdag niyang sabi.

Ang *chairman* ng isa pang kooperatiba sa kanilang bayan sa Brgy. Ayo Lomboy, si Ludivico Guieb, ang nagbebenta at kumukuha ng kanilang mga gatas para ibenta sa Central Milk Processing Plant ng PCC.

“Kung tutuusin, kumikita ako ng Php18,000 isang buwan. Di ba malaking pera na rin ‘yon?’ patanong pang

pagmamalaki ni Salvador.

Lubus-lubos ang pasasalamat niya sa dumating na kapalaran sa kanyang buhay.

“Talagang lubos ang pasasalamat ko sa PCC dahil sa gatasang kalabaw na naipagkaloob sa akin. Ngayon, talagang sinisikap ko na mapagbuti pa ang pag-aalaga ko ng aking kalabaw para dumami ito at dumami pa ang aking kita,” ani Salvador.

Buntis ngayon ang kanyang alagang kalabaw sa ikatlo nitong panganganak. Ngayon pa lang, nakatingin na siya sa bukas na may hatid ng malaking biyaya sa gatas na pagkakakitaan niya ng malaki.

NIZ Balitaan

Eric P. Palacpac

Patnugot/ Hepe, Knowledge Management Division

Ma. Cecilia C. Irang
Tagapamahalaing patnugot

Almira P. Bentadan
Ma. Cecilia C. Irang
Chrissalyn L. Marcelo
Mga manunulat

Chrissalyn L. Marcelo
Layout at Disenyo

Ma. Cecilia C. Irang
Marilou A. Vallarta
Tagapamahala sa Sirkulasyon

Anselmo S. Roque
Kasangguni

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

PARA SA KARAGDAGANG KATANUNGAN, MAKIPAG-UGNAYAN LAMANG SA MGA SUMUSUNOD:

Pangalan	Katungkulan o Gawain	Cellphone No.
Dr. Peregrino G. Duran	Team Leader, DHI-ED/NIZ (Breeding Management Concerns)	0917-566-3278
Dr. Lester S. Verona Dr. Cyril P. Baltazar	Veterinarian/Field Technician (Animal Health/Breeding)	0929-865-7893 0917-517-3843
Mr. Mario M. Delizo	Field Technician (Breeding/AI)	0932-868-3318
Mr. Reyner Tomas	Field Technician (Breeding/Bull Loan)	0917-863-1144
Ms. Wilma T. Del Rosario Ms. Marilou A. Santos	Cooperative Management and Monitoring	0922-875-4250 0933-579-2598
Ms. Estella P. Valiente	Participatory Monitoring and Evaluation	0943-642-7573
Ms. Marilou A. Vallarta	Administrative Staff	0915-639-3785